

OFFICE OF THE CITY ADMINISTRATOR
 OFFICE OF LABOR STANDARDS ENFORCEMENT
 PATRICK MULLIGAN, DIRECTOR



FORM NG SAN FRANCISCO UKOL SA MAY BAYAD NA PAGLIBAN NG MAGULANG

Kumpletuhin ang isang form para sa bawat isang taga-empleyo. Kung isa lamang ang iyong taga-empleyo, kailangan lamang na iyong kumpletuhin ang mga Seksiyon 1, 2, at 3 ng form na ito. Kung mayroon kang mahigit sa isang taga-empleyo, punan ang Seksiyon 4 sa pahina 2.

Seksiyon 1. Impormasyon sa Pag-eempleyo

Empleyado

Pangalan/Address:

(Mangyaring i-print)

Kalye

Lungsod

Estado

Zip

Taga-
empleyo:

(Pangalan)

Seksiyon 2. Pagbibigay-alam ng Taga-empleyo. Kailangan ng iyong taga-empleyo ang iyong Notice of Computation upang makalkula kung ano ang babayaran sa iyo. Mangyaring piliin ang parehong opsyon hangga't maaari.

Opsyon 1. ☐ Nagsusumite ako ng kopya ng aking EDD Notice of Computation sa aking (mga) taga-empleyo; at/ o

Opsyon 2. ☐ Nilagyan ko ng tsek ang box sa aking EDD Claim para sa May Bayad na Pagliban para sa Pamilya (DE2501F) na nagbibigay ng pahintulot na ibunyag ang bayad na benepisyo sa akin ng aking (mga) taga-empleyo.

Seksiyon 3. Kasunduan sa Pagbabalik ng Ibinayad (Reimbursement Agreement). Upang makatanggap ng Karagdagang Kabayaran (Supplemental Compensation) sa ilalim ng Ordinansa ukol sa May Bayad na Pagliban ng Magulang [Paid Parental Leave Ordinance (PPLO)] ng San Francisco, ang mga empleyado ay dapat sumang-ayon nang nakasulat na ibalik ang ibinayad (reimburse) ng kanilang taga-empleyo kung boluntaryo silang umalis mula sa pag-eempleyo sa loob ng 90 araw sa katapusan ng panahon ng kanilang pagliban. Ang pagkabigong lagdaan ang kasunduang ito ay ginagawa kang hindi karapat-dapat na tumanggap ng Karagdagang Kabayaran (Supplemental Compensation) sa ilalim ng PPLO. [Tingnan ang S.F. Labor and Employment Code (L.E.C.) 14.4(e).]

Ako, si _____ [buong pangalan], sa pamamagitan nito ay sumasang-ayon na ibalik ang buong halaga ng Karagdagang Kabayaran (Supplemental Compensation) na tinanggap mula sa anumang (mga) Sakop na Taga-empleyo (Covered Employers) sa ilalim ng Ordinansa ng San Francisco ukol sa May Bayad na Pagliban ng Magulang (San Francisco Paid Parental Leave Ordinance) kung boluntaryo akong umalis mula sa pag-eempleyo sa loob ng 90 araw mula sa katapusan ng panahon ng aking pagliban at kung ang aking taga-empleyo ay humiling nang nakasulat na ibalik ang naturang ibinayad.

Lagda ng Empleyado: _____

Petsa: _____

Lagda ng Taga-empleyo: _____

Petsa: _____

Kung isa lamang ang iyong taga-empleyo, kumpleto na ang form na ito. Ibalik ang form na ito sa iyong taga-empleyo. Huwag ibalik ang form na ito sa OLSE.

Kumpletuhin lamang ang Seksiyon 4 kung mayroon kang mahigit sa isang taga-empelyo

Seksiyon 4. Maramihang Taga-empelyo. Kung mayroon kang mahigit sa isang taga-empelyo, dapat mong kumpletuhin ang alinman sa Opsyon A o Opsyon B ng seksiyon na ito, o ang iyong mga taga-empelyo ay hindi aatasan na magbigay ng Karagdagang Kabayaran (Supplemental Compensation) sa ilalim ng PPLO.

Opsyon A: Tanungin ang bawat isang taga-empelyo para sa iyong normal na kabuuang lingguhang sahod at mga iniulat na tip, kung mayroon man, at ilagay ang halaga sa grid para sa bawat isang taga-empelyo:

Taga-empelyo (Employer)	Normal na Kabuuang Lingguhang Sahod (Normal Gross Weekly Wages)	Karaniwang Lingguhang Tip (Average Weekly Tips)
1		
2		
3		

Opsyon B: Para sa bawat isang taga-empelyo, punan sa ibaba ang iyong kabuuang kita bago ng buwis (pre-tax gross earnings). Isama ang impormasyon para sa 6 na bi-weekly, 6 na dalawang beses sa isang buwan (semi-monthly) o 12 lingguhang panahong sakop ng suweldo na kaagad na nauuna sa panahon ng iyong pagliban. Kung ikaw ay nasa pagliban na walang bayad o bahagyang may bayad para sa alinmang panahong sakop ng suweldo, huwag isama sa grid itong mga panahong sakop ng suweldo. Sa halip, isama ang mga naunang panahong sakop ng suweldo kung saan ganap kang binayaran. Magbigay ng 6 na total – o 12 total – sa tsart para sa bawat isang taga-empelyo.

Taga-empelyo 1 _____ Taga-empelyo 2 _____ Taga-empelyo 3 _____

Panahong Sakop ng Suweldo	Petsa ng Pagsimula	Kabuuang Sahod	Mga Tip	Panahong Sakop ng Suweldo	Petsa ng Pagsimula	Kabuuang Sahod	Mga Tip	Panahong Sakop ng Suweldo	Petsa ng Pagsimula	Kabuuang Sahod	Mga Tip
1				1				1			
2				2				2			
3				3				3			
4				4				4			
5				5				5			
6				6				6			
7				7				7			
8				8				8			
9				9				9			
10				10				10			
11				11				11			
12				12				12			

Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling sa ilalim ng panunumpa na ang nabanggit na impormasyon ukol sa sahod at taga-empelyo ay totoo at tama.

Lagda ng Empleyado: _____ **Petsa:** _____

Ang iyong taga-empelyo ay may karapatang humiling ng patunay ng kabuuang sahod mula sa iba pang taga-empelyo na nakalista sa itaas.

**ISUMITE ANG NAKUMPLETONG FORM SA BAWAT IYONG TAGA-EMPLEYO.
HUWAG ISUMITE ANG FORM NA ITO SA OLSE.**



Ordinansa ng San Francisco ukol sa May Bayad na Pagliban ng Magulang: Alamin ang Iyong mga Karapatan

Ano ang Ordinansa ukol sa May Bayad na Pagliban ng Magulang?

Ang Ordinansa ukol sa May Bayad na Pagliban ng Magulang ay umiiral sa mga pribadong taga-employo na mayroong 20+ empleyado sa buong mundo, at sa mga empleyadong nakapagtrabaho na para sa kanilang taga-employo sa loob ng 180 araw, regular na nagtatrabaho sa San Francisco, at karapat-dapat para sa May Bayad na Pagliban para sa Pamilya upang makasama ang anak na bagong panganak, inampon, o tinatangkilik (foster).

Kung ikaw ay sakop ng PPLO, karapat-dapat ka para sa "Karagdagang Kabayaran (Supplemental Compensation)" mula sa iyong taga-employo. Nangangahulugan ito na maaari kang bayaran ng iyong taga-employo ng Karagdagang Kabayaran (Supplemental Compensation) habang ikaw ay nasa May Bayad na Pagliban para sa Pamilya upang makasama ang iyong bagong anak. Karagdagan ito sa lingguhang benepisyo ng May Bayad na Pagliban para sa Pamilya mula sa EDD.

Ano ang Form para sa May Bayad na Pagliban ng Magulang?

Dapat mong kumpletuhin ang form na ito, at dapat malaman ng iyong taga-employo ang iyong lingguhang benepisyo mula sa EDD, upang maaaring makalkula at mabayaran ng iyong taga-employo ang iyong karagdagang kabayaran (supplemental compensation). Kailangan mong makumpleto ang form na ito at ibalik ito sa iyong taga-employo.

Form ng San Francisco para sa May Bayad na Pagliban ng Magulang: Mga Tagubilin

Seksiyon 1: Ilagay ang iyong pangalan at address sa unang Linya. Ilagay ang pangalan ng iyong taga-employo sa Linya 2.

Seksiyon 2: Lubos kang hinihikayat ng OLSE na suriin ang parehong kahon at ibigay ang iyong Notice of Computation (DE429D) sa iyong taga-employo sa lalong madaling panahon.

Maaaring atasan ka ng iyong taga-employo na isumite ang iyong "Notice of Payment" mula sa EDD, kapag ginawa ang unang pagbabayad.

Seksiyon 3: Basahin ang kasunduan sa pagbabalik ng ibinayad (reimbursement), punan ng iyong pangalan, pagkatapos ay lagdaan at lagyan ng petsa. Ang kasunduan ay dapat ding lagdaan at lagyan ng petsa ng iyong superbisor o kinatawan ng HR.

Kung isa lang ang iyong taga-employo, natapos ka na. Napupunta ang Form sa taga-employo, hindi sa OLSE.

Kung mayroon kang dalawa o higit pang taga-employo, kumpletuhin ang **Seksiyon 4**. Inaatasan ka ng batas na magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong kabuuang sahod mula sa lahat ng iyong taga-employo. Ang iyong mga taga-employo ay pinapahintulutang humiling ng patunay ng kabuuang sahod mula sa isa't isa.

Punan ang lahat ng kabuuang sahod mula sa **lahat** ng taga-employo. Huwag isama ang anumang kita ng independiyenteng kontratista.

Isama ang mga iniulat na tip, kung matanggap mo ang mga ito. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga tip, bisitahin ang www.sf.gov/pplo.

Huwag isama ang mga panahong sakop ng suweldo kung saan hindi ka ganap na binayaran ng iyong taga-empleyo (ibig sabihin, walang bayad na pagliban o pagliban kung saan nakatanggap ka lamang ng bayad mula sa EDD, ngunit hindi sa iyong taga-empleyo).

Para sa mga halimbawa kung paano punan ang Opsiyon A at Opsiyon B, bisitahin ang www.sf.gov/pplo.

Pagkatapos kumpletuhin ang Seksiyon 4, lagdaan at lagyan ng petsa, at ibalik ang Form sa bawat Taga-empleyo.

May tanong? Mangyaring tumawag sa 415-554-4190 o magpadala ng e-mail sa pplo@sfgov.org.

www.sf.gov/pplo